

Dumalo:

Kgg. DEIN Z. ARAGO, Pangalawang Punumbayan	Pinunong Tagapangulo
Kgg. VILMA D. VARGAS, Konsehal	Kasapi
Kgg. JUN S. BUGARIN, Konsehal	Kasapi
Kgg. SHERYL B. MORALES, Konsehal	Kasapi
Kgg. MARION FRANCIS F. MARCOS, Konsehal	Kasapi
Kgg. CLEMENTE B. CARANDANG, Konsehal	Kasapi
Kgg. LEO G. DE VILLA, Konsehal	Kasapi
Kgg. GREAT M. DELOS REYES, Konsehal	Kasapi
Kgg. ARWIN A. GAYUTIN, Konsehal	Kasapi
Kgg. DEOGRACIAS U. DELA PAZ IV, Pangulo, Liga ng mga Barangay	Kasapi
Kgg. ZOREN F. MAURO, Pangulo, Pambayang Pederasyon ng SK	Kasapi

Hindi Dumalo: W A L A

### RESOLUSYON BLG. 2011-236

**RESOLUSYONG NAGPAPAHAYAG NA WALANG PAGIUTOL SA GAGAWING PAG-AARAL AT PANIMULANG EKSPLORASYON NG CONSTELLATION ENERGY CORPORATION UKOL SA PANUKALANG MONTELAGO GEOTHERMAL PROJECT SA BARANGAY MONTELAGO, BAYANG ITO, SUBALIT MAY PAGSASAALANG-ALANG SA PROTEKSYON NG KAPALIGIRAN, AT MAHIGPIT NA PAGIUPAD SA MGA UMIRAL NA BATAS AT PATAKARAN NG PAMAHALAANG LOKAL AT NASYUNAL UKOL DITO**



**SAPAGKAT**, sang-ayon sa Seksyon 2 ng Renewable Energy Act of 2008 o RA 9513, isang patakaran ng Estado na mapabilis ang eksplorasyon o pagsasaliksik sa mga pinagkukunan ng renewable energy tulad ng "geothermal, biomass, solar, wind, hydro and ocean energy sources" upang malama ng bansa ang sariling kakayahan at mabawasan ang pagsandig sa fossil fuels;

**SAPAGKAT**, ang pagsandig ng ating bansa sa fossil fuels na ginagamit sa power plants ay nagiging dahilan ng pagiging laratad ng ating bansa sa pabagu-bagong presyo ng produktong petrolyo sa pandaigdigang merkado kung saan ang epekto nito ay dumadala'y hanggang sa pinakamababang sektor ng lipunan;

**SAPAGKAT**, bagaman at lumalaki ang produksyon ng enerhiya sa bansa ay higit na mabilis ang paglaki ng pangangailangan sa gamit na pang-industriya, pangkomersyal at panlahanan, at nararapat na palakasin ang paggamit ng renewable energy, upang mabawasan ang mapaminsalang epekto ng polusyon at gawing balanse ang tunguhin ng paglago ng ekonomiya at ang pangangailaga ng kapaligiran at kalusugan ng mamamayan;

**SAPAGKAT**, ang Constellation Energy Corporation ay isang Filipino kumpanya na ang negosyo ay ang pagtatayo at pagpapaulat ng proyektong hydro, wind at geothermal sa Pilipinas at nagbibigay ng teknikal na serbisyo ukol dito;

**SAPAGKAT**, noong Pebrero 10, 2010, iginawad ng Kagawaran ng Enerhiya sa Constellation Energy Corporation ang Geothermal Renewable Energy Service Contract No. 2010-02-013 para sa panukalang Montelago Geothermal Project sa lawak na 3,914 ektaryang lupain, na linatayang magbibigay ng potensyal na 20 hanggang 40 megawatts ng kuryente;



**SAPAGKAT**, friniyak ng tahanan ng Kagawaran ng Enerhiya at ng Constellation Energy Corporation na gagamitin sa proyektong ito ang makabagong paraan ng teknolohiya na hindi mapaminsala sa mga tahanan, pananim at hindi rin makapagpapalaka ng pagbabago sa klima, sapagkat ang produkto ng geothermal energy na mainit na tubig ay muling ibinabalik sa ilalim ng lupa;

**SAPAGKAT**, batid ng Constellation Energy Corporation ang kahalagahan ng Lawa ng Naujan para sa mga Naujano, kung kaya ang lahat ng kinakailangang permiso mula sa pamahalaang lokal at nasyunal ay kanilang tufuparin at igagalang sa panahon ng pananaliksik, eksplorasyon at paghuhukay sa lugar na nabanggit;

**SAPAGKAT**, alinsunod sa RA 9513, ang magiging kabahagi ng pamahalaan sa kita ng proyekto ay 1.5% ng kabuuang kita, kung saan 60% ay mapupunta sa pamahalaang nasyunal at 40% ay sa pamahalaang lokal na hahatiin ng lalawigan (20%), munisipyo (45%) at barangay (35%);

**SAPAGKAT**, nakapaloob din sa nasabing batas ang mga insenlibong proyekto sa barangay o host communities kung saan direktang mabebenefisyuhan ang mga taga-barangay;

**SAPAGKAT**, ang Sangguniang Bayan ay naniniwala na walang nilalabag na batas ang Constellation Energy Corporation at ito ay may kakayahang sundin ang lahat ng hinihingi ng batas at mga ahensya ng pamahalaan, para sa pagpapatayo ng isang geothermal plant sa Barangay Montelago, na may pagsasaalang-alang sa proteksyon ng kapaligiran at kapakanan ng mamamayang Naujano;


**SAPAGKAT**, matapos ang mahabang talakayan at masusing pagsasaalang-alang sa mga usapin na kaakibat ng panukalang proyekto, at dahil sa natugunan nang malinaw at may katiyakan ang mga katanungan ng mga Kasapi, naniniwala ang Sangguniang Bayan na wala nang hadlang upang bigyan ng kinakailangang resolusyon ang Constellation Energy Corporation para sa kanilang layunin;

**DAHILAN DITO AY IPINASYA**, tulad ng ginawang pagpapasya, na magpahayag na walang pagtutul sa gagawing pagsasaliksik at panimulang eksplorasyon ng Constellation Energy Corporation ukol sa panukalang Montelago Geothermal Project sa Barangay Montelago, bayang Ilo, subalit may pagsasaalang-alang sa proteksyon ng kapaligiran, at mahigpit na pagtupad sa mga umiral na batas at patakaran ng pamahalaang lokal at nasyunal ukol dito.

**IPINASYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Resolusyong ito ang Constellation Energy Corporation sa pamamagitan ng Senior Vice President nito, Bb. Annette M. Rafael sa kanilang tanggapan, sa 9/F, Country Space I Building, 133 H. V. Dela Costa St., Saicedo Village, Lungsod ng Makati, para sa kanilang kabatiran.


**PINAGTIBAY**, ngayong ika-15 ng Agosto, 2011, sa mungkahit ni Konsehal Jun S. Bugarin, na pinangakawahan ni Konsehal Marion Francis F. Marcos.

PINATUNAYANG WASTO AT TOTOO:

  
**GINA DC PATLING**

Kalihin ng Sangguniang Bayan





✓

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN**


Nasipan 5204, Oriental Mindoro, Philippines

*Revolusyon Blg. 2011-2016*  
*Agosto 15, 2011*

PINATUTUNAYAN:

  
**DENNIS ARAGO**  
Pangalawang Punumbayan  
Pinunong Tagapangulo

PINAGTIBAY:

  
**MARIA ANGELES C. CASUBUAN**  
Punumbayan